

Mga Madalas Itanong Tungkol sa Programang Early Start para sa mga Magulang/ Tagapag-alaga at mga Provider

Ang FAQ (Mga Madalas Itanong) sa Early Start ng California ay ginawa upang sagutin ang mga karaniwang tanong tungkol sa mga serbisyo ng early start para sa mga batang wala pang 3 taong gulang. Kabilang sa mga paksa ang pagiging karapat-dapat, mga referral, serbisyo, suporta, at kung ano ang mangyayari pagkatapos ng edad na 3. Kung kailangan mo ng higit pang impormasyon tungkol sa mga serbisyo ng Early Start o kung mayroon kang mga karagdagang katanungan, tumawag sa (800) 515-BABY (2229) o mag-email sa amin sa earlystart@dds.ca.gov.

Ang FAQ na ito ay gagabay sa iyo sa iba't ibang bahagi ng iyong tatahakin sa Early Start. Gamitin ang mga link sa ibaba upang magalugad ang bawat seksyon.

ANO ANG NASA LOOB:

ANG PROSESO NG REFERRAL AT PANAYAM	2
PAGIGING KARAPAT-DAPAT SA EARLY START	6
MGA SERBISYO AT SUPORTA NG EARLY START	8
PROSESO NG PAHINTULOT	10
TRANSISYON MULA SA EARLY START BAGO LUMAMPAS NG EDAD NA 3.....	11
MGA REKLAMO	14

ANG PROSESO NG REFERRAL AT PANAYAM

Q1: Mayroon akong mga alalahanin tungkol sa pag-unlad ng aking anak. Sino ang maaari kong kontakin?

A1: Kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa pag-unlad ng iyong anak, makipag-usap sa doktor ng iyong anak. Upang malaman pa ang tungkol sa mga serbisyo ng maagang interbensyon o espesyal na edukasyon sa pamamagitan ng programang Early Start ng California, mangyaring tingnan ang aming polyetong [Mga Dahilan ng Pag-aalala](#). Makakakuha ka rin ng higit pang impormasyon sa pamamagitan ng pagtawag sa Early Start Baby Line sa 800-515-BABY (800-515-2229) o pag-email sa earlystart@dds.ca.gov.

Q2: Ano ang Maagang Interbensyon?

A2: Ang "Maagang Interbensyon" ay ang kataga para sa mga serbisyo at suporta upang matulungan ang mga sanggol at paslit na may pagkaantala sa kanilang pag-unlad o kapansanan sa pag-unlad. Nilalayon ng mga serbisyong ito na tulungan ang mga karapat-dapat na bata na matuto ng mga bagong kasanayan, malampasan ang mga hamon, at madagdagan ang tagumpay sa buhay.

Q3: Ano ang mga halimbawa ng mga serbisyo ng maagang interbensyon?

A3: Maaaring kabilang sa mga serbisyo ng maagang interbensyon ang:

- Pantulong na teknolohiya
- Audiology
- Pagsasanay sa pamilya, counseling, at mga pagbisita sa tahanan
- Mga serbisyong pangkalusugan
- Mga serbisyong medikal para sa mga layunin ng dyagnostik/pagsusuri lamang
- Mga serbisyo ng pangangalaga
- Mga serbisyo sa nutrisyon
- Occupational therapy
- Pisikal na therapy
- Mga serbisyong sikolohikal
- Koordinasyon ng serbisyo (pamamahala ng kaso)
- Mga serbisyo ng sign language at cued language
- Mga serbisyo sa gawaing panlipunan
- Espesyal na pagtuturo
- Mga serbisyo sa pananalita at wika
- Transportasyon at mga kaugnay na gastos
- Mga serbisyo sa paningin

Q4: Ano ang Early Start?

A4: Ang Early Start (ES) ay ang pangalan para sa programa ng maagang interbensyon ng California para sa mga sanggol at paslit, mula kapanganakan hanggang tatlong taong gulang na may mga pagkaantala sa pag-unlad o nasa panganib na magkaroon ng kapansanan sa pag-unlad. Sinusuportahan ng ES ang mga karapat-dapat na sanggol at paslit at ang kanilang mga pamilya. Makukuha ang mga serbisyo ng Early Start sa buong California at ibinibigay sa sistemang pinag-ugnay-ugnay at nakasentro sa pamilya.

Q5: Sino ang maaaring mag-refer ng bata sa Early Start?

A5: Kahit sino. Ang lahat ng magulang, doktor, kapitbahay, miyembro ng pamilya, mga foster na magulang, at tagapagkaloob ng pangangalaga sa araw ay maaaring mag-refer sa bata. Maaari silang makipag-ugnayan sa lokal na regional center o distrito ng paaralan para humiling ng pagsusuri para sa sanggol o paslit.

Q6: Ano ang pinakamabilis na paraan para ma-access ng isang bata ang mga serbisyo ng maagang interbensyon?

A6: Makipag-ugnayan sa ang iyong regional center. Sisimulan nila ang proseso upang pagpasyahan kung karapat-dapat ng isang bata para sa mga Serbisyo ng Early Start. Ang programang Early Start ay may 45 araw para kumpletuhin ang kanilang pagtatasa, magsagawa ng ebalwasyon, tukuyin kung ang isang bata ay karapat-dapat, at gumawa ng Individualized Family Service Plan (IFSP) (kapag ang isang bata ay karapat-dapat). Ang pagkaantala sa pagtupad sa takdang oras na ito ay maaari lamang mangyari kung mayroong pambihirang pangyayari.

Hanapin ang regional center na nagsisilbi sa iyong lugar sa pamamagitan ng pag-click sa link na ito: [Pagsasaliksik ng Regional Center - CA Department of Developmental Services](#)

Q7: Sino ang nagbibigay ng mga serbisyo ng Early Start?

A7: Ang Department of Developmental Services (DDS) ay ang nangungunang ahensya ng estado para sa Early Start. Ang mga serbisyo ng Early Start ay ibinibigay sa pamamagitan ng mga lokal na regional center, mga tanggapan para sa edukasyon ng county, mga lokal na ahensyang pang-edukasyon (mga LEA), mga ahensya ng serbisyong pangkalusugan o panlipunan, at mga family resource center (mga FRC) sa buong estado. Hinihikayat ng programang ito ang mga pamilya at propesyonal na magtulungan upang pag-ugnayin ang mga serbisyo at magbigay ng suporta para sa pamilya.

Ang Early Start sa pamamagitan ng mga regional center

Ang mga regional center ay mga ahensyang nakabase sa komunidad at hindi nagtutubo. Mayroong 21 Regional center sa buong California. Ang mga regional center ay tumutulong sa pagkoordinar at pagbabayad ng mga serbisyo para sa mga maliliit na bata na may mga pagkaantala sa kanilang pag-unlad o kapansanan. Ang Department of Developmental Services ay kinokontra at pinangangasiwaan ang bawat regional center.

Ang Early Start sa pamamagitan ng mga lokal na ahensyang pang-edukasyon (lokal na distrito ng paaralan o tanggapan para sa edukasyon ng county)

Ang iyong lokal na ahensyang pang-edukasyon ay nagbibigay ng mga serbisyo para sa mga batang may natatanging kondisyon na mababa ang insidente. Ito ay nangangahulugan na ang bata ay walang pagkaantala sa pag-unlad o kapansanan sa pag-unlad, ngunit mayroon siyang kapansanan sa paningin, pandinig, o mga buto at kasu-kasuan.

Q8: Ano ang Individualized Family Service Plan?

A8: Ang Individualized Family Service Plan (IFSP) ay isang nakasulat na dokumento at plano para sa mga serbisyo ng maagang interbensyon. Binubuo ang planong ito kasama ng pamilya upang tugunan ang kanilang mga priyoridad, mga alalahanin, at mga pangangailangan sa pag-unlad ng bata. Kabilang dito ang mga serbisyo ng maagang interbensyon na inirerekomenda para sa sanggol at paslit.

Q9: Ano ang Koordinasyon ng Serbisyo at sino ang service coordinator?

A9: Ang “pag-uugnay ng serbisyo” ay ang pamamahala ng mga serbisyong kinakailangan ng isang bata at kanyang pamilya. Tumutulong ang service coordinator sa pagpapalano at pag-oorganisa ng mga serbisyo ng maagang interbensyon at suporta na nakalista sa IFSP para sa bata at kanyang pamilya.

Q10: Libre ba ang mga serbisyo ng maagang interbensyon?

A10: Walang singil para sa pagsusuri, pagtatasa, o pagkoordinar ng serbisyo. Ang iyong service coordinator ay magbibigay sa iyo ng karagdagang impormasyon kung paano binabayaran ang mga serbisyo ng Early Start.

Q11: Kailangan ko bang gamitin ang aking insurance para sa mga serbisyo ng early start?

A11: Hindi mo kailangang gamitin ang iyong insurance para sa pagsusuri at pagtatasa sa panahon ng proseso ng panayam. Gayunpaman, maaaring kailanganin mong gamitin ang iyong insurance para sa mga nagpapatuloy na serbisyo ng therapy. Maaari kang bigyan ng iyong service coordinator ng higit pang impormasyon. Sinuman ang magbabayad, ang mga serbisyo ay ibibigay sa loob ng 45 araw mula sa paglagda ng IFSP.

Q12: Ano ang mangyayari kung nagkaroon ng mga pagkaantala sa mga serbisyo para sa aking anak?

A12: Ang mga serbisyong kinakailangan upang matugunan ang mga pangangailangan ng bata ay dapat maibigay sa lalong madaling panahon, nang walang pagkaantala. Kung mayroong pagkaantala, tutulong ang service coordinator upang agad na maresolba ang isyu at matiyak na matutugunan ang mga pangangailangan ng bata sa tamang oras.

Q13: Ano ang maaaring gawin ng isang pamilya habang naghihintay na makarinig mula sa regional center:

A13: Maaaring suriin ng mga pamilya ang impormasyon tungkol sa maagang interbensyon at kung ano ang maaaring gawin sa bahay kasama ang kanilang anak.

Para sa higit pang impormasyon, mangyaring sumangguni sa mga mapagkukunang ito.

- [Programang Early Start ng Department of Developmental Services ng California](#)
- [Kapitbahayan ng Early Start ng California](#)
 - [Early Start Central Directory](#)
 - [Mga Mapagkukunan ng Early Start Hinggil sa Suporta sa Pamilya](#)
- [Infant Development Association of California](#)
- [Zero hanggang Tatlo](#)

Ang isang pamilya ay maaari ring makakuha ng suporta sa pamamagitan ng pagkonekta sa isang magulang na pamilyar sa Programang Early Start sa pamamagitan ng [Family Resource Network of California](#) o [Family Empowerment Center](#)

Q14: Ano ang Family Resource Center?

A14: Isang lugar kung saan maaaring pumunta ang mga pamilya upang makakuha ng suporta mula sa ibang mga magulang. Ang mga Family Resource Center ng Early Start ay nakikipagtulungan sa mga lokal na regional center at mga ahensyang pang-edukasyon upang matulungan ang mga pamilya na matutunan ang tungkol sa mga serbisyo ng maagang interbensyon at kung paano makipagtulungan sa sistema ng Early Start. Sa panahon ng pagpupulong para sa IFSP, ipapaliwanag ng mga regional center ang mga serbisyong makukuha sa pamamagitan ng mga Family Resource Center. Kung pahihintulutan ng magulang, maaari silang ma-refer sa kanilang lokal na center.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iyong lokal na Family Resource Center, mangyaring sumangguni sa [DDS-Mga Family Resource Center](#)

PAGIGING KARAPAT-DAPAT SA EARLY START

Q15: Ano ang mangyayari pagkatapos gumawa ng referral sa programang Early Start?

A15: Sa loob ng 45 araw sa kalendaryo ng petsa ng referral, ang programang Early Start ay:

- Magtalaga ng isang tagapag-ugnay ng serbisyo upang tulungan ang pamilya sa mga proseso ng pagsusuri at pagtatasa.
- Kukumuha ng pahintulot para sa pagsusuri
- Mag-iiskedyul at kukumpletuhin ang mga pagsusuri at pagtatasa ng pag-unlad ng bata.
- Magbubuo ng IFSP para sa mga karapat-dapat na bata. Dapat talakayin ng IFSP ang mga lakas at pangangailangan ng bata, gayundin ang mga alalahanin ng mga magulang/tagapag-alaga. Dapat din nitong isama kung anong mga serbisyo ng maagang interbensyon ang ibibigay.
- Maghahanap ng mga serbisyo ng maagang interbensyon na ibibigay sa tahanan ng pamilya o sa iba pang mga lokasyon sa komunidad.

Q16: Sino ang Karapat-dapat para sa Programang Early Start ng California?

A16: Ang mga sanggol at paslit mula kapanganakan hanggang sa edad na tatlo ay maaaring maging karapat-dapat kung matutugunan nila ang isa sa mga pamantayang nakalista sa ibaba:

- Magkaroon ng pagkaantala na 25% o higit pa sa isa o higit pang mga aspeto ng pag-unlad. Kabilang sa mga aspeto ng pag-unlad ang kognitibo, ipinapahayag na komunikasyon, nauunawaang komunikasyon, panlipunan o emosyonal, mapag-akma, o pisikal at motor na pag-unlad kabilang ang paningin at pandinig.
 - Magkaroon ng itinakdang kondisyon ng panganib na may mataas na posibilidad na magresulta sa pagkaantala sa pag-unlad (hal. Down Syndrome, Fragile X syndrome, Fetal Alcohol Syndrome, pati na rin ang iba pang mga kondisyon)
 - Maituring na may mataas na panganib ng pagkakaroon ng malaking kapansanan sa pag-unlad dahil sa kombinasyon ng mga biyomedikal na salik ng panganib na tinutukoy ng mga kwalipikadong tauhan
- Maaaring kabilang dito ang mga bata na:
- Ipinanganak nang wala sa panahon o may mababang timbang noong ipinanganak
 - Mayroong maraming problema sa kalusugan o nagkaroon ng matagal na pagkakaospital
 - Nahantad sa mga droga o alkohol bago ipinanganak
 - Nagpapakita ng mga palatandaan ng mga pagkaantala sa pag-unlad
 - Nakaranas ng malaking trauma noong ipinanganak
 - Nakaranas ng pagpapabaya o pang-aabuso
 - Limitado ang pandinig, paningin o paggamit ng mga braso at paa

Q17: Ano ang pagsusuri at pagtatasa sa panahon ng proseso ng panayam sa programang Early Start?

A17: Ang pagsusuri ay tumitingin sa lahat ng aspeto ng pag-unlad ng isang bata at tumutulong upang matukoy kung ang bata ay karapat-dapat para sa mga serbisyo ng Early Start. Ang pagtatasa ay ang proseso kung saan nililikom ang impormasyon tungkol sa bata na makakatulong sa pagtukoy kung anong mga serbisyo ang kailangan ng bata. Maaaring magsagawa ng mga karagdagang pagsusuri kung kinakailangan, upang makatulong sa pagtukoy ng mga serbisyong hindi naisama sa proseso ng pagsusuri.

Q18: Sino ang nagsasagawa ng mga pagsusuri para sa Early Start?

A18: Ang mga pagsusuri ay isinasagawa ng mga kwalipikadong dalubhasa, tulad ng mga sikologo, speech therapist, physical therapist, at occupational therapist. Kapag naka-iskedyul ang isang pagsusuri, ipapaliwanag ng propesyonal ang mga nakapaloob na aktibidad. Kapag posible, ang pagsusuri ay kailangang makumpleto sa wikang ginagamit ng bata sa bahay.

Q19: Paano napagpapasyahan ang pagiging karapat-dapat sa Early Start?

A19: Ang pagiging karapat-dapat para sa mga serbisyo ng Early Start ay maaaring matukoy sa iba't ibang paraan, kabilang ang opinyon ng isang kwalipikadong propesyonal, pagsusuri, pagrepaso sa kasaysayan at pag-unlad ng bata, at impormasyon mula sa mga miyembro ng pamilya, tagapag-alaga, doktor, social worker, at guro.

Q20: Ang pagiging karapat-dapat ba ay nakabatay sa kita ng pamilya?

A20: Hindi, ang pagiging karapat-dapat ay hindi nakabatay sa kita ng pamilya.

Q21: Nakasalalay ba sa katayuan sa imigrasyon ng bata o mga magulang ang pagiging karapat-dapat para sa programang early start?

A21: Hindi. Ang katayuan sa imigrasyon ng isang bata o magulang ay hindi nagpapasya sa pagiging karapat-dapat para sa programang early start.

Q22: Ang mga bata at pamilya ba na nakatira sa mga motel, nakatira sa kanilang sasakyan, nakikihati sa pagtira sa bahay na may maraming pamilya, o walang tirahan ay karapat-dapat na makatanggap ng mga serbisyo ng early start?

A22: Ang mga serbisyo ng Early Start ay magagamit para sa lahat ng karapat-dapat na bata mula kapanganakan hanggang edad na tatlong taong gulang at kanilang mga pamilya sa California, saan man sila nakatira. Makikipagtulungan sa iyo ang iyong service coordinator upang itakda at isaayos ang mga serbisyong kailangan mo sa pamamagitan ng proseso ng IFSP. Kasama rito ang pagpapasya kung kailan at saan magaganap ang mga serbisyo at kung paano ito rerepasuhin kung kinakailangan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga mapagkukunang lokal sa iyong komunidad, mangyaring bisitahin ang [Early Start Central Directory ng California](#)

MGA SERBISYO AT SUPORTA NG EARLY START

Q23: Kapag natagpuang karapat-dapat ang sanggol o paslit para sa programang early start, sino ang magpapasya sa uri ng mga serbisyo ng maagang interbensyon na matatanggap ng sanggol o paslit?

A23: Pagpapasyahan ng IFSP team kung anong mga serbisyo ng maagang interbensyon ang kinakailangan para sa bata at pamilya. Kasama sa pangkat ng IFSP ang mga magulang o tagapag-alaga, service coordinator, at ang taong nagsagawa ng assessment. Maaaring isama rin sa pangkat ang iba pang mga miyembro ng pamilya, tagapagtaguyod, tagapagbigay ng pangangalaga sa bata, doktor, o sinumang iba pa na sa tingin ng pamilya ay makakatulong sa pagpapalano para sa bata.

Q24: Gaano katagal bago magsimula ang mga serbisyo ng maagang interbensyon ng sanggol o paslit?

A24: Ang mga programang Early Start ay kinakailangang ayusin at magbigay ng mga serbisyo ng maagang interbensyon na napagkasunduan sa IFSP sa lalong madaling panahon, nang hindi lalampas sa 45 araw, pagkatapos makuha ang nakasulat na pahintulot mula sa magulang/tagapag-alaga.

Q25: Saan magaganap ang mga serbisyo ng maagang interbensyon?

A25: Ang mga serbisyo para sa sanggol o paslit ay kinakailangang ibigay sa bahay ng pamilya, sentro ng pangangalaga sa bata, lokal na playgroup, o kung nasaan man ang bata sa araw. Ang mga lugar na ito ay tinatawag na natural na kapaligiran. Sa kahilingan ng magulang o tagapag-alaga, ang mga serbisyo ay maaari ring ibigay sa pamamagitan ng mga remote na elektronikong komunikasyon. Ang serbisyong ito ay dapat ding tinukoy at napagkasunduan sa IFSP ng bata.

Q26: Ano ang mga benepisyo ng pagbibigay ng mga serbisyo sa natural na kapaligiran?

A26: Kapag ang magulang/tagapag-alaga at ang maagang interbensyonista ay nagtutulungan sa natural na kapaligiran ng bata, natutulungan nito ang magulang/tagapag-alaga na maging pangunahing guro, habang ang maagang interbensyonista ay nagsisilbing coach at gabay. Sa bawat sesyon, hinihikayat ng maagang interbensyonista ang mga makabuluhang karanasan sa pag-aaral sa panahon ng mga regular na aktibidad tulad ng paglalaro o oras ng pagkain. Nakakatulong ito sa magulang/tagapag-alaga na gamitin ang mga parehong estratehiyang iyon kapag wala ang maagang interbensyonista. Ang mga serbisyo sa natural na kapaligiran ay nagbibigay-daan sa mga oportunidad sa pag-aaral sa mga karaniwang aktibidad ng pamilya at mga pang-araw-araw na gawain para sa isang bata, pati na rin sa pamilya.

Q27: Gaano kadalalas makakatanggap ng mga serbisyo ang isang bata o paslit at paano ipatutupad ang mga serbisyo?

A27: Nakadepende ito sa mga pangangailangan sa serbisyo na tinukoy at napagkasunduan ng pangkat ng IFSP. Ang mga serbisyo ay dapat naroroon kung saan madalas ginugugol ng bata ang oras, at kung saan maaaring naroroon o naroroon ang ibang mga bata na walang kapansanan o pagkaantala.

Q28: Gaano katagal makakatanggap ng mga serbisyo ang isang bata?

A28: Makakatanggap ang isang bata ng mga serbisyo hanggang sa matukoy ng pangkat ng IFSP na hindi na kailangan ang mga serbisyo batay sa pagsusuri sa pag-unlad at mga pangangailangan ng bata. Ito ay maaaring hanggang sa matukoy na hindi na karapat-dapat ang sanggol at paslit para sa mga serbisyo ng Early Start, o kapag ang bata ay naging tatlong taong gulang. Nagtatapos ang lahat ng serbisyo ng Early Start kapag ang bata ay naging 3 taong gulang.

Q29: Nalalapat ba ang Electronic Visit Verification sa mga serbisyo ng maagang interbensyon na ibinibigay sa mga batang nasa edad na 0-3 sa programang Early Start?

A29: Hindi. Ang mga serbisyong ibinibigay sa mga bata sa programang Early Start ay pinamamahalaan at pinopondohan ng Part C ng Individuals with Disabilities Education Act (IDEA). Ang mga serbisyong ito ay hindi pinopondohan sa pamamagitan ng Medicaid Waiver.

Q30: Gaano kadalalas ako makikipagpulong sa aking service coordinator?

A30: Pagkatapos ng unang proseso ng IFSP, ang IFSP ay dapat suriin tuwing tatlong buwan, maaari itong gawin sa virtual na paraan o personal. Tuwing anim na buwan, dapat magsagawa ng pagpupulong nang personal, ito man ay para sa repasuhin ang IFSP, o para sa iba pang mga dahilan.

PROSESO NG PAHINTULOT

Q31: Sino ang responsable sa pagbibigay ng pahintulot para sa mga pagsusuri, ebalwasyon, at mga serbisyo ng maagang interbensyon?

A31: Sa karamihan ng mga kaso, ang isang biyolohikal, nag-aampon, o foster na magulang ay responsable sa pagbibigay ng mga permiso (o pahintulot) para sa kanyang anak. Gayunpaman, ang bawat pamilya ay natatangi at maaaring gampanan ng isang tagapag-alaga, indibidwal na kumikilos bilang kahalili ng magulang, o itinalagang kinatawan ang papel na ito. Maaaring tumulong ang mga service coordinator sa pagtukoy kung sino ang maaaring magbigay ng pahintulot batay sa katangi-tanging sitwasyon ng bawat pamilya.

Q32: Paano ibinibigay ang pahintulot?

A32: Ang pahintulot ay laging nasa paraang nakasulat. Maaari itong ibigay sa pamamagitan ng pagpirma ng mga dokumento ng pahintulot nang personal o sa pamamagitan ng koreo. Ang pahintulot ay dapat ibigay bago ang mga pagsusuri, pagtatasa, at pagsisimula ng mga serbisyo ng Maagang Interbensyon. Kung hindi malalagdaan ang pahintulot sa persona, maaari rin itong ibigay sa elektronikong o digital na paraan kung titiyakin ng programang Early Start na magbibigay ng mga naaangkop na pananggalang. Kabilang sa mga pananggalang na ito ang:

- Nilalagdaan at pinepetsahan ang pahintulot
- Kinikilala at pinatutunayan nito ang isang partikular na tao bilang pinagmulan ng elektronikong pahintulot
- Ito ay nagpapahiwatig ng pag-apruba ng naturang tao sa impormasyong nakapaloob sa elektronikong pahintulot
- Ay sinamahan ng isang pahayag na nauunawaan at sinasang-ayunan ng tao.¹

Q33: Kailangan bang kumpletuhin ang mga form ng pahintulot para masimulan ang proseso ng Early Start?

A33: Oo, kailangang magbigay ng nakasulat na pahintulot upang suriin/tasahin ang isang bata para sa Programang Early Start. Ang mga form ng pahintulot ay maaaring kumpletuhin ng magulang, legal na tagapag-alaga, kahaliling magulang, o iba pang nasa hustong gulang na may mga Karapatan sa Edukasyon para sa sanggol at paslit ng hukuman. Gayundin, kapag natagpuang karapat-dapat ang isang bata, kailangang muli ng nakasulat na pahintulot bago simulan ang mga Serbisyo ng Early Start.

¹ [34 C.F.R. 303.7](#)

TRANSISYON MULA SA EARLY START BAGO LUMAMPAS NG EDAD NA 3

Q34: Ano ang mangyayari kapag ang aking anak ay naging 3 taong gulang?

A34: Nagtatapos ang mga serbisyo ng Early Start kapag ang bata ay naging 3 taong gulang. 90 araw bago maging 3 taong gulang ang isang bata, gagawa ang magulang/tagapag-alaga at ang service coordinator ng plano ng transisyon para maghanda para sa pamilya kapag ang bata ay tumanda na sa programang Early Start. Tinatalakay ng planong ito ang mga hakbang at serbisyong kinakailangan para sa bata habang papalapit sila sa kanilang ikatlong kaarawan. Maaaring kabilang dito ang paghahanap ng mga serbisyo ng espesyal na edukasyon sa pamamagitan ng lokal na distrito ng paaralan, pagpapasya ng pagiging karapat-dapat para sa iba pang mga serbisyo sa pamamagitan ng Regional Center, o pagkonekta sa mga programang pangkomunidad tulad ng Head Start o medikal na insurance. Ang plano ay tinalakay sa isang pagpupulong para sa transisyon kasama ang magulang, service coordinator, kinatawan ng distrito ng paaralan, at sinumang iba pa na nais isama ng magulang/tagapag-alaga. Makakatulong din ang mga Family Resource Center sa mga pamilya na maunawaan ang pagkakaiba sa pagitan ng Early Start at mga serbisyo ng paaralan at maaaring magbigay ng impormasyon tungkol sa mga opsyon sa espesyal na edukasyon.

Para sa impormasyong nauugnay sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon ng distrito ng paaralan, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong lokal na distrito ng paaralan o [Department of Education ng California](#).

Para sa impormasyon na nauugnay sa pagiging karapat-dapat para sa mga serbisyo sa pamamagitan ng Regional Center, mangyaring sumangguni sa [Pagiging Karapat-dapat at Serbisyo ng Sentro ng Rehiyon - CA Department of Developmental Services](#).

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iyong lokal na Family Resource Center mangyaring bisitahin ang [DDS – Mga Family Resource Center](#).

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga mapagkukunang lokal sa iyong komunidad, mangyaring bisitahin ang [Early Start Central Directory ng California](#).

Q35: Ano ang abiso sa estado o lokal na ahensyang pang-edukasyon (SEA o LEA)?

A35: Hindi bababa sa 90 araw bago magtatlong taon ang isang bata, kailangang ipaalam ng programang Early Start sa SEA o LEA na maaaring maging karapat-dapat ang bata para sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon. Ang LEA ay maaaring ang lokal na distrito ng paaralan o ang tanggapan ng edukasyon ng county.

Ang abiso ay dapat maglaman ng pangalan ng bata, petsa ng kapanganakan, kung saan siya nakatira, at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng magulang/tagapag-alaga.

Ang abisong ito ay kinakailangan ng batas sa ilalim ng Individuals with Disabilities Education Act (IDEA), na nagsasaad na ang pangunahing ahensya ay dapat mag-abiso sa SEA at LEA kapag ang isang bata ay malapit nang maging karapat-dapat na para sa mga serbisyo.

Q36: Ano ang referral sa lokal na ahensyang pang-edukasyon (LEA)?

A36: Sa pahintulot ng magulang/tagapag-alaga, maaaring gumawa ng referral sa LEA bago maging tatlong taon ang isang bata. Ang referral na ito ay bilang karagdagan sa abiso at maaaring makatulong sa LEA na matukoy kung ang bata ay kwalipikado para sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon. Ang referral sa LEA ay maaaring kabilangan ng mga detalye ng service coordinator, mga IFSP ng bata kamakailan, mga pagsusuri, at iba pang mahahalagang impormasyon bukod pa sa impormasyong nasa paunawa.

Q37: Paano kung ayokong matasa ang aking anak sa pamamagitan ng LEA?

A37: Kapag nakipag-ugnayan sa iyo ang LEA upang simulan ang proseso ng pagtatasa, maaari mong tanggihan ang pagtatasa.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa transisyon, mangyaring sumangguni sa [Effective Early Childhood Transitions Isang Gabay para sa Transisyon sa Edad na Tatlo — Early Start patungo sa Preschool](#)

Q38: Kung ang isang bata ay hindi karapat-dapat na tumanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng distrito ng paaralan, maaari bang patuloy na suportahan ng regional center ang aking pamilya?

A38: Ang mga pederal na alituntunin ay nag-aatas na magtapos ang mga serbisyo ng Early Start sa edad na tatlong taon. Sa pamamagitan ng ibang programang inawtorisahan sa ilalim ng Lanterman Act ng California, ang regional center ay magkakaloob ng mga serbisyo kung ang bata ay natukoy na pansamantalang karapat-dapat (para sa mga batang 3 at 4 na taong gulang lamang), o karapat-dapat para sa mga Serbisyo ng Lanterman.

Para sa impormasyon tungkol sa pansamantalang pagiging karapat-dapat para sa mga Serbisyo ng Lanterman, mangyaring sumangguni sa: [Direktiba ng DDS Agosto 5, 2021 - Pansamantalang Pagiging Karapat-dapat para sa mga Serbisyo ng Regional Center](#) at [Welfare and Institution Code seksyon 4512\(a\)\(2\)](#)

Para sa impormasyong nauugnay sa pagiging karapat-dapat para sa mga Serbisyo ng Lanterman, mangyaring sumangguni sa [Pagiging Karapat-dapat at Serbisyo ng Regional Center - CA Department of Developmental Services](#)

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga Karapatan ng Magulang na nauugnay sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon sa pamamagitan ng lokal na distrito ng paaralan, mangyaring bisitahin ang [Mga Karapatan ng Magulang - Proseso ng Pagtitiyak ng Kalidad \(CA Dept of Education\)](#).

Q39: Ang aking anak ay tatlong taong gulang o malapit nang maging tatlong taong gulang, sino ang maaari kong tawagan sa halip na Regional Center o LEA?

A39: Kung mayroon kang mga katanungan mangyaring makipag-ugnayan sa Early Start Baby Line sa 1-800-515-2229 o mag-email sa: earlystart@dds.ca.gov.

MGA REKLAMO

Q40: Ano ang dapat kong gawin kung hindi ako sumasang-ayon sa naging desisyon ng programang Early Start tungkol sa pagiging karapat-dapat o sa mga inirerekomendang serbisyo?

A40: Humiling ng isang boluntaryong Pagpupulong na may Tagapamagitan (Mediation Conference).

Sa isang Pagpupulong na may Tagapamagitan, may isang taong walang kinikilingan, na tinatawag na 'tagapamagitan' ('mediator'), na tutulong sa iyo at sa programang early start na magkasundo. Ang pagpupulong na may tagapamagitan ay dapat mangyari sa loob ng 30 araw mula sa kahilingan para sa pamamagitan. Maaari kang humiling ng isang boluntaryong pagpupulong na may tagapamagitan sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa iyong service coordinator o sa pamamagitan ng pagkumpleto ng [Form ng Kahilingan para sa Kahilingan na may Tagapamagitan](#).

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Pagpupulong na may Tagapamagitan, mangyaring sumangguni sa [Mga Kahilingan para sa Pagpupulong na may Tagapamagitan para sa Early Start : CA Department of Developmental Services](#).

Q41: Paano kung hindi maresolba ang hindi ko pagsang-ayon sa programang Early Start sa panahon ng pagpupulong na may Tagapamagitan?

A41: Maaari kang makipag-usap sa iyong service coordinator at humiling ng isang Due Process Hearing sa pamamagitan ng pagkumpleto sa [Due Process Hearing Request \(DS 1802\)](#).

Ang due process hearing ay kung saan ikaw at ang programang early start ay makikipagpulong sa isang hukom na magpapasya kung dapat bang baguhin ng programang early start ang kanilang desisyon. Ang due process hearing ay dapat makumpleto sa loob ng 30 araw ng kalendaryo mula nang matanggap ng Office of Administrative Hearings ang kahilingan.

Q42: Ano ang dapat kong gawin kung sa tingin ko ay hindi nasunod ang batas tungkol sa mga serbisyo ng maagang interbensyon?

A42: Maaari kang magsampa ng reklamo sa pamamagitan ng pagkumpleto ng [Early Start Complaint Investigation Request \(Kahilingan para sa Imbestigasyon sa Reklamo sa Early Start\)](#). Maaaring magsampa ng Early Start State Complaint ang sinumang indibidwal, ahensya, o organisasyon. Maaaring magsampa ng reklamo laban sa Department of Developmental Services, regional center, lokal na ahensyang pang-edukasyon (LEA), o sinumang pribadong tagapagkaloob ng serbisyo na tumatanggap ng mga pondo mula sa Early Start.

Higit pang impormasyon ang matatagpuan sa [Proseso ng Reklamo sa Early Start : CA Department of Developmental Services](#) o [Mga Karapatan ng Magulang sa Early Start Nirebisa noong 2025](#).

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Early Start, mangyaring sumangguni sa [Early Start Information Packet](#).

MAY MGA KATANUNGAN?

Makipag-ugnayan sa Department of Developmental Services/
Early Childhood and Youth Services Division

Email: earlystart@dds.ca.gov

Telepono: 800-515-BABY(800-515-2229)

Address na Pangkoreo: 1215 O Street, MS 7-40
Sacramento, CA 95814

Website: <https://www.dds.ca.gov/services/early-start/>

